LAKAN

1. Sa iyong palagay, paano mo mahihikayat ang mga kabataang Filipino na tangkilikin ang wikang Filipino?

Sagot: Hihikayatin ko ang mga kabataang Filipino sa pagtangkilik ng Wikang Filipino sa pamamagitan ng pagsisimula nito sa aking sarili. Bagamat hindi tayo makakapanghikayat kung hindi nating sisimulan ang ating layunin sa ating sarili. Sa pamamagitan nito, magsisilbi itong inspirasyon sa mga kabataan sa kadahilanang isinasapuso ko ang paggamit at pagtangkilik sa Wikang Filipino.

2. Napabalitang tatanggalin sa kurikulum ng edukasyon ng Pilipinas ang wikang Filipino. Sang-ayon ka ba ditto? Oo o hindi? Bakit?

Sagot: Kailanma'y hindi ako sang-ayon sa balitang ito. Ang Wikang Filipino ang nagsisilbing pagkilala tungo sa ating kinagisnan. Ito ang nagbibigay simbolo sa ating pagkakakilanlan. Kung tatanggalin ito sa kurikulum sa bansang Pilipinas, parang tayo nalang rin ang pinaparinggan ni Dr. Jose Rizal sa kanyang kasabihang, "Ang hindi magmahal sa saraling wika ay higit pa sa isang malansang isda."

3. Kung may mga English Zones Only, sa tingin mo ba ay dapat magkaroon din ng mga "Lugar ng Pakikipagtalastasan sa Filipino" sa mga paaralan? Bakit?

Sagot: Oo. Dapat lang tayong magkaroon ng mga lugar ng pakikipagtalastasan sa Filipino sapagkat sa henerasyong ito ay dumarami na ang malansang isda kung tawagin man ni Dr. Jose Rizal. Mga Filipino na hindi na ginagamit ang ating sariling wika at hindi na masyadong nakakaintindi ng mga malalalim na katagang Wikang Filipino. Bilang isang mag-aaral, gusto ko ring mas tangkilikin pa natin ang mga Wikang Filipino para sa inaasam nating iisang wika at pagkakaisa.

4. Sa iyong palagay mahalaga ba ang pagpapa-unlad sa ating wika? Bakit?

Sagot: Oo. Dahil una, ginagamit natin ang wika sa pagpapahayag ng ating damdamin at kaisipan. Pangalawa, ang pagkakaroon ng isang pambansang wika ay mahalaga upang magkaisa at magbuklod-buklod ang ating mamayan. Ang wika ang nagsisilbing instrumento upang tayo ay magkaintidihan. Dapat natin itong paunlarin sapagkat ito ang nagsisilbing daan tungo sa ating pagkakakilanlan.

5. Sa paanong paraan mo maipagmamalaki na ikaw ay isang tunay na Pilipino?

SAGOT: Bilang isang Filipino ay isang pribilehiyo. Kilala tayong mga Filipino sa ating angking galing sa talento at iba pa. Ipagmamalaki ko na ako ay isang tunay na Filipino sa pamamagitan ng paggamit ng ating wika at pagkilala kung ako may mayroong parangal sa ibang bansa. Bilang isang Filipino, hindi ako magsasawang ipamahagi

kung ano man ang mayroon tayo. Buong buhay kong ipagmamalaki na ako ay isang Filipino.

LAKAMBINI

6. Paano mo ipapaliwanag ang salitang "kagandahan" sa isang taong walang paningin o bulag?

Sagot: Idadaan ko po ito sa paggawa ng mabuti sa aking kapwa at pagpapakita na ang kagandahan ay hindi nasusukat sa panlabas na kaayuan kundi sa ganda ng kaluoban.

7. Kung bibigyan ka ng pagkakataon, ipagpapalit mo ba ang natutunan mong lenggwahe sa mga nauuso o mas sikat na salita? Bakit?

Sagot: HINDI. Dahil para sa akin, mas pahahalagahan ko ang natutunan kong wika o lenggwaheng aking kinagisnan kesa sa nauuso sapagkat kung ipagpapalit natin ang ating natutunan na mga lenggwahe, para na rin nating kinalimutan ang ating pinanggalingan. Mahalin natin ang ating sariling wika sapagkat isa ito sa tanging yaman na dapat nating ipagmalaki bilang isa Pilipino.

8. Kung bibigyan ka ng pagkakataong bumalik sa iyong nakaraan, ano ang iyong babaguhin at Bakit?

Sagot: WALA. Kasi ipinagmamalaki ko kung sino man ako ngayon. Ipinagmamalaki ko ang aking mga napagtagumpayan sa buhay at akoy nagpapasalamat sa aking nakaraan. Kung ako man ay nagkamali noon, ginawa ko iyong lakas para baguhin at maging bagong bersyon ng mas mabuting ako.

9. Isang matalinghagang kasabihan ang iniwan ni Dr. Jose P. Rizal na "ang hindi magmhal sa saraling wika ay higit pa sa isang malansang Isda". Paano mo maissabuhay ang kasabihang ito?

Sagot: Base sa kasabihang ito, dapat nating pahalagahan ang wikang ating kinagisnan dahil ito ang nagsisilbing pagkakakilanlan natin bilang isang Pilipino. Inihahalintulad ni Dr. Jose Rizal ang isang taong hindi marunong magmahal sa isang malansang isda sapagkat ang pagtanggi sa mga bagay na nagmula sa atin ay kailanma’y walang halaga at mas mabuting itapon na lamang.

10. Mahalaga bang matutunan ang mga Wikang Katutubo upang magkaisa ang mamamayang Pilipino? Bakit?

Sagot: OO. Sapagkat ang wika ang nagsisilbing instrumento upang tayo ay magkaintindihan. Mahalagang matutunan natin ang mga Wikang Katutubo sapagkat nagsisilbi itong pagkakakilanlan kung ano ang kinagisnan nating tribo.